



PAPEL-IMPORMASYON

Diskriminasyon, pamimilit at mapanlinlang na pag-aasal kaugnay sa mga WHS na bagay

Ang *Work Health and Safety Act 2020* (WHS Act) ay nagbabawal sa mapang-diskrimina, namimilit at mapanlinlang na pag-aasal tungkol sa WHS. Ibig sabihin, ang mga tao ay maaaring magharap ng mga isyu at alalahanin tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa kanilang lugar ng trabaho nang walang takot ng diskriminasyon o pamimilit.

Ano ang diskriminasyon?

Ang diskriminasyon ay ang hindi makatarungan o nakapipinsalang pagtrato sa iba't ibang kategorya ng mga tao. Bagama't ang karaniwang mga halimbawa ng diskriminasyon ay maaaring batay sa lahi, edad, kasarian, o kapansanan, ang papel-impormasyong ito ay titingin sa diskriminasyon laban sa isang tao na ang mga batas ng WHS ang ilalapat.

Ang pag-aasal na mapang-diskrimina na ginagawa para sa mga dahilang ipinagbabawal ay labag sa batas sa ilalim ng WHS Act. Ang mga dahilang ipinagbabawal ay karaniwang kaugnay sa pagganap ng isang karapatan, tungkulin o kapangyarihan sa ilalim ng mga batas ng WHS.

Maaaring kabilang sa pag-aasal na mapang-diskrimina ang pagsisante o pagtanggig kunin ang isang manggagawa, pagwawakas ng kontrata para sa mga serbisyo ng isang manggagawa o nakapipinsalang pagbabago sa katungkulan ng isang manggagawa.

Ang pag-organisa, o pagbabantang mag-organisa o gumawa ng alinman sa mga aksyon na nasa itaas ay maaari ring ituring na diskriminasyon.

Ano ang pamimilit?

Ang pamimilit ay ang paghikayat sa isang tao na gumawa ng isang bagay sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa o mga banta.

Ang pamimilit kaugnay sa WHS ay nangangahulugan na ang isang tao ay hindi dapat gumawa ng anumang aksyon na naglalayong manakot, mamuwersa o magsanhi sa isang tao na gawin, o hindi gawin, ang kapangyarihang pangkalusugan at pangkaligtasan, gawain o tungkulin. Kabilang dito ang pag-organisa, o pagbabantang mag-organisa o gumawa ng ganoong aksyon.

Ano ang ibig sabihin ng panlilinlang?

Isang pagkakasala para sa isang tao ang sadya o walang-ingat na paggawa ng hindi totoo o mapanlinlang na pangangatawan tungkol sa:

- mga karapatan o obligasyon ng ibang tao sa ilalim ng mga batas ng WHS (halimbawa, ang karapatang huminto sa pagtatrabaho)
- kakayahan ng ibang tao na simulan ang, o lumahok sa, proseso o mga pamamaraan sa ilalim ng mga batas ng WHS (halimbawa, ang karapatang humiling ng botohan para sa kinatawang pangkalusugan at pangkaligtasan)
- kakayahan ng ibang tao na magreklamo o magtanong sa partidong may mga kapangyarihan ng pagpapasunod sa ilalim ng WHS Act (halimbawa, ang pagsasabing hindi nagpapahintulot ang mga pangyayari na ipatawag ang WorkSafe inspector para lutasin ang isang isyu).

Ito ay pagsisinungaling (misrepresentation) lamang kung ang partidong sinabihan ay maaaring akalaing maniniwala at aasa sa impormasyon.

Mga kahihinatnan

Kung ang isang tao ay matagpuang may-pananagutan o nahatulan, ang nauugnay na korte o tribunal ay maaaring magpataw ng mga parusa o gumawa ng mga kautusan. Halimbawa, maaaring gumawa ng kautusan para ang isang manggagawa ay muling maibalik sa tungkulin o muling ma-employo.

Ang defendant (nasasakdal) ay maaaring walang pananagutan kung mapapatunayan niya na ang pag-aasal ay makatwiran sa mga sirkumstansya at ang pagsunod sa mga batas ng WHS ang matibay na dahilan ng pag-aasal.

Karagdagang payo

Kung kailangan mo ng tulong o naniniwala kang ikaw ay nakaranas ng mapang-diskrimina, namimilit o mapanlinlang na pag-aasal kaugnay sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho, mangyaring kontakin ang WorkSafe Contact Centre sa email WorkSafeCallCentre@dmirs.wa.gov.au o tumawag sa 1300 307 877.

Ang iba pang mga batas ng estado, teritoryo at Komonwelt ay nagbibigay din ng mga proteksyon laban sa mapang-diskrimina, namimilit at mapanlinlang na pag-aasal. Halimbawa, ang mga pangkalahatang proteksyon sa *Fair Work Act 2009 (Cth)* o sa *Equal Opportunity Act 1984 (WA)*. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa *Fair Work Act 2009*, mangyaring makipag-ugnay sa Fair Work Commission o sa Fair Work Ombudsman.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang [Nagpapaliwanag na patnubay: Mapang-diskrimina, namimilit at mapanlinlang na pag-aasal](#).

Ito ay isang maikling gabay. Ang mga may hawak ng tungkulin ay dapat sumangguni sa *Work Health and Safety Act 2020* at sa mga kaugnay na regulasyon para sa lubos na pag-unawa ng mga tungkulin at responsibilidad.